

Ano ang labis na dosis ng opioid?



Ang mga opioid ay nakapagdudulot ng masamang epekto na nagreresulta sa pagbagal na iyong paghinga o di kaya ay paghinto nito. Maaari itong mangyari kapag hindi kaya ng iyong katawan ang opioids na ininom para sa araw na iyon.

PARA MAIWASAN ANG AKSIDENTENG LABIS NA DOSIS NG OPIOID:

- Subukang huwag ihalo ang opioids sa alkohol, benzodiazepines (Xanax, Ativan, Klonopin, Valium), o mga gamot na nakapagdudulot ng pagkaantok.
- Maging lalong maingat kung nagmintis sa paginom o nag-iba ng dosis, nagkasakit, o nagsimula ng bagong medikasyon.

Ngayong mayroon ka nang naloxone...

Ipaalam sa isang tao kung nasaan ito at paano ito gamitin.

Kasama sa mga pang-karaniwang opioids ang:

PANLAHATAN	PANGALAN NG TATAK
Hydrocodone	Vicodin, Lorcet, Lortab, Norco, Zohydro
Oxycodone	Percocet, OxyContin, Roxicodone, Percodan
Morpina	MSContin, Kadian, Embeda, Avinza
Kuodin	Tylenol na may Codeine, TyCo, Tylenol #3
Fentanyl	Duragesic, Actiq
Hydromorphone	Dilaudid
Oxymorphone	Opana
Meperidine	Demerol
Methadone	Dolophine, Methadose
Buprenorphine	Suboxone, Subutex, Zubsolv, Bunavail, Butrans

* Ang heroin ay isa ring opioid.

Para sa kaalaman ng pasyente, mga bidyo, at karagdagang babasahin, maaaring bumisita sa www.prescribtoprevent.org



Kaligtasan sa paggamit ng Opioid at paano gamitin ang naloxone



ISANG GABAY PARA SA MGA PASYENTE AT SA MGA TAGAPAG-ALAGA

Kung sakaling nagkaroon ng labis na dosis:

1 Suriin ang kakayahang tumugon

Bantayan ang alinman sa mga sumusunod:

- Hindi pagtugon kahit na kalugin mo sila o sabihin ang kanilang pangalan
- Paghinga nang mabagal o pagtigil nito
- Paggiging asul o abo ng mga labi at kuko
- Pamumutla ng balat o panlalamig at pagpapawis

2 Tumawag sa 911 at magbigay ng naloxone

Kung walang naging reaksyon sa loob ng tatlong minuto, magbigay ng ikalawang dosis ng naloxone

3 Magbigay ng rescue breathing at/o chest compressions

Sundan ang mga direksyong ibinibigay ng despatsador ng 911


>> SAMAHAN ANG PASYENTE HANGGANG SA DUMATING ANG SAKLOLO.

Paano magbigay ng naloxone:

Mayroong 4 na mga karaniwang produktong naloxone. Sundin ang mga tagubilin para sa uring mayroon ka.

Nasal spray

Ang nasal spray na ito ay di na kailangang buuin at maaaring nang i-spray sa isang butas ng ilong sa pamamagitan ng pagpindot ng plunger.




Nasal spray na may pagbuo

Ito ay kailangang buuin. Sundin ang mga direksyon sa ibaba.

- 1 Tanggalin ang mga dilaw na takip.
- 2 Pihitin ang puting balisungsong.
- 3 Tanggalin ang kulay ubeng takip ng kapsula ng naloxone.
- 4 Marahang ipihit ang kapsula ng naloxone sa katawan ng hiringgilya.
- 5 Ipasok ang puting balisungsong sa butas ng ilong; **saglit na itulak nang malakas** ang dulo ng kapsula para i-sprey ang naloxone sa loob ng ilong; **KALAHATI NG LAMAN NG KAPSULA SA KADA BUTAS NG ILONG.** Itulak para i-sprey.
- 6 Kung walang naging reaksyon sa loob ng tatlong minuto, magbigay ng pangalawang dosis.

Auto-injector

Ang naloxone auto-injector ay di kailangang buuin at maaaring ma-inject sa labas na bahagi ng hita, kahit may damit. Mayroon itong speaker na nagbibigay ng hakbang-hakbang na mga direksyon.



Itinuturok na naloxone

Ito ay kailangang buuin. Sundin ang mga direksyon sa ibaba.

- 1 Tanggalin ang takip ng bote ng naloxone at buksan ang karayom.
- 2 Ipasok ang karayom sa gomang takip ng bote nang nakapatiwarik. Hilahin ang pangbomba hanggang sa makakuha ng 1 ml.
- 3 Iniksiyonan ng 1 ml ng naloxone sa parteng itaas ng braso o sa kalamnan ng hita. **Punuin hanggang 1 ml**
- 4 Kung walang naging reaksyon sa loob ng tatlong minuto, magbigay ang pangalawang dosis.